SagUAN

Kwentong Tagumpay ng Mangingisdang Pilipino

Vol.3/No.3 2016



Ligtas Na Pagsagwan Tungo Sa Ani Ng Kasaganaan

Sa panulat ni:
Crisel S. Marcelo

Ang bayan ng Baler sa probinsya ng Aurora ay kilala bilang *surfing capital* ng bansa. Ang malalakas at malalaking alon na humahampas sa baybayin ng Baler ay pangunahing dinarayo hindi lamang ng lokal na turista ngunit maging mga dayuhang turista.

Sa kabilang dako, ang dagat na nagsisilbing palaruan ng mga *wave enthusiasts* ay siya namang pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga mangingisda sa nasabing lugar. Kung ang isang turista ay lulan ng *surfing board* patungo sa ibabaw ng alon, ang isang mangingisda naman, hawak ang sagwan ay lulan ng bangkang magdadala sa kanyang lugar pangisdaan.

Sa pangingisda sa malawak na karagatan ay hindi maiiwasang isipin ang peligro sa buhay ng isang mangingisda lalo na sa panahong masungit ang panahon. Sa mga ganitong pagkakataon, ang tangan niyang sagwan at bangkang siya ay lulan ang kanya lamang maaring makakapitan.

Taong 2014 nang ilunsad ang ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) ang pamamahagi ng *fiberglass-reinforced plastic boats*. Ang mga naturang bangka ay mas matibay at mas madaling kumpunihin kumpara sa tradisyonal na bangkang gawa sa kahoy.

Ang kaligtasan ng bawat mangingisdang gagamit nito ay isa sa pangunahing dahilan kung bakit inilunsad ang proyektong ito. Tamaan man ng matinding alon o kaya ay abutan ng sakuna sa gitna ng dagat, hindi basta-bastang lulubog ang bangka gawa sa *fiberglass*.

Magmula nang mailunsad ang proyekto, daan-daang mangingisda na mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa ang nakinabang nito. Noong Setyembre 2016, nagkaroon ng mga pagsasanay sa paggawa ng *fiberglass boats* ang BFAR sa pakikipagtulungan sa Lokal na Pamahalaan ng Zabali, Baler, Aurora.

Sa loob ng dalawang araw, 20 mangingisda ang lumahok sa pagsasanay. Matapos magawa ang mga bangka, ipinamahagi rin ang mga ito sa mga mangingisda kasama ang motor at mga gamit pangisda.

Isa sa mga benepisyaryo ng proyekto ay si Mr. Leofernon Mulos o mas kilala bilang Mang Leo. Siya ang tumatayong chairman ng organisasyong Ermita Hills Fisherfolks and Community Association sa kanilang lugar. Aniya, kaagad na pumalaot ang mga kapwa niya mangingisida nang mabuo at matapos ang mga bangka.

Bunsod na rin ng magandang panahon, pinalad ang mga mangingisda na makahuli nang marami.

Karaniwang nahuhuli sa kanilang lugar pangisdaan ani Mang Leo ay tamban, galunggong, tanige, blue marlin, talakitok, hasa-hasa, dalagang bukid, bisugo at malasugi. Gamit ang mga bangkang gawa sa *fiberglass* at pangangawil o *hook and line*, ang kanilang huli ay nagbigay ng karampatang kita sa bawat mangingisda. Minsang maganda ang kanyang kita ay umabot ito ng 3, 000 piso sa loob lamang ng isang araw.

"Dati ay nakikigamit lang po ako ng bangka. Kaya kapag may huli ay kaparte ko 'yung may-ari ng bangka," aniya

Laking pasasalamat ni Mang Leo sa proyektong naipagkaloob sa kanila ng pamahalaan. Maliban sa buong kita nya mula sa pangingisda ay nakakatulong din ng malaki ang kanyang natutuhang kasanayan sa paggawa ng bangka na sya niyang ipinangsusuporta sa kanyang may bahay at apat na anak.

Mr. Leofernon Mulos

Bagaman, pagsubok pa rin sa tuwing sasapit ang sama ng panahon, si Mang Leo, sampu ng kanyang mga kasamahan ay umaasang patuloy ang pag-agapay at pagtulong ng pamahalaan sa malilit na mangingisdang tulad nila. Gamit ang mas matibay at dekalidad na bangkang pangisda, patuloy ang pagsagwan at pagharap sa mga along patuloy na uugoy at magtutulak tungo sa maunlad na kabuhayan.

Editorial Page

Ang SagJuan

Kwentong Tagumpay ng Mangingisdang Pilipino

ay munting pahayagang may layong ilarawan ang mga makukulay na tagumpay ng mangingisdang Pilipino gamit ang wikang Filipino. Inililimbag kada ikatlong buwan kasama ng FishFiles Magazine ng BFAR-Information and Public Relations Group (BFAR-IPRG). Ang SagJuan ay tumatanggap ng mga kwentong tungkol sa mga narating na tagumpay ng mga mangingisda o anumang may kinalaman sa pangisdaan at yamang-tubig.

Ipadala ang inyong kontribusyon sa
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
c/o Information and Public Relations Group,
3rd Floor PCA Building, Elliptical Road,
Diliman, Quezon City.
Telephone No.: (02) 4545863
E-mail: dabfar_iprg@yahoo.com